


# ELEVATE

## OPORTUNIDAD NG DISENYO

## DR. JOSE RIZAL PARK: UNANG BAHAGI



Seattle Parks & Recreation

# Ano ang *Elevate*?

Ang Elevate ay ginawa ng Seattle Parks and Recreation (SPR) upang maiangat, mapag-iba, at mapalawak ang pagkakataon para sa lahat. Layunin nitong mapalakas ang ugnayan ng disenyo at komunidad na kinabibilangan nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng pananaw at layunin, at sa pagsuporta sa lahat ng paggawa ng mga bago at mahahalagang disenyo ng parke.

Kinikilala ng Seattle Parks and Recreation ang pangangailangang dagdagan ang partisipasyon ng publiko sa pagdisenyo sa mga pampublikong lugar sa Lungsod ng Seattle sa pamamagitan ng paghingi, pagsuporta, at pagpapabuti ng mga ideya. Ang Elevate ay inisyatiba ng SPR bilang tugon sa pangangailangang ito at gusto naming makilahok kayo! Hindi kinakailangan ang patiunang karanasan sa pakikipagtulungan sa SPR para makibahagi sa pagkakataon sa pagdidisenyo na ito. Lubos na hinihikayat na lumahok ang mga miyembro ng mga komunidad ng Itim, Mahirap, Mga Taong may Kulay (Black, Indigenous, People of Color, BIPOC).




# Maikling Buod ng Proseso

May tatlong pangunahing bahagi ang bagong inisyatiba ng Elevate sa proyektong disenyo ng Seattle Parks and Recreation.

## BAHAGI 1

**Pahayag ng Interes at Listahan ng mga Napili**


Ang mga tutugon ay gagawa at magsusumite ng kanilang Pahayag ng Interes alinsunod sa mga kinakailangan para magsumite. (pahina 5). Susuriin ng isang panel ng mga may karanasang hurado (tingnan ang Apendiks 1) ang Pahayag ng Interes at mamimili ng tatlo hanggang limang kalahok. Magbibigay ang SPR ng isang libo at limang daang dolyar ($1500) na kabayaran sa bawat napiling kalahok upang mapagbuti nila ang mga kagamitan para sa Bahagi 2.



## BAHAGI 2

**Maikling Disenyo, Panayam, at Pagpili**


Ang mga napiling tumugon ay gagawa ng Maikling Disenyo (pahina 5) na naglalarawan at nagbibigay-linaw sa kanilang pananaw sa proyekto. Kakapanayamin ng hurado ang mga nagustohang kandidato at, ayon sa Pahayag ng Interes, Maikling Disenyo, at Panayam, magrerekomenda ng mga Finalist sa Seattle Parks and Recreation. Maaaring makipag-ugnayan ang SPR sa Partner ng Disenyo para baguhin at pagbutihin ang Maikling Disenyo kung kinakailangan para maging batayan sa hinaharap na Kahilingan Para sa Panukala.



## BAHAGI 3

**Panukalang Hihilingin**

Ang Buod ng Disenyo ay magsisilbing dokumento sa pagtatakda ng pananaw sa Kahilingan Para sa Panukala (Request for Proposal, RFP) para makahikayat ng Partner na Kumpanya na magbigay ng teknikal na mga guhit, detalye, at iba pang propesyonal na serbisyong kinakailangan para matapos ang proyekto sa pamamagitan ng konstruksyon. Maaaring makilahok ang Partner ng Disenyo sa RFP kung matutugunan nila ang mga kwalipikasyon. Maaari ding piliin ng Katuwang na Nagdisenyo na magtrabaho bilang isang miyembro ng team ng mas matatag na kumpanya. Lubos na hinihikayat ng Seattle Parks and Recreation ang patuloy na paglahok ng Partner ng Disenyo at makikipagtulungan sa kanila para maagbigay ng patnubay sa yugtong ito.




## Mga tuntuning dapat tandaan

may karapatan ang SPR na tanggapin o tanggihan ang ano man o lahat ng isinumite.

# Maikling Pagpapakila sa Dr. Jose Rizal Park

Matatagpuan sa pagitan ng Chinatown/Internasyonal na Distrito at Beacon Hill, ibinibigay ng Dr. Jose Rizal Park ang pagkakaiba-iba ng mga komunidad sa pamamagitan ng malalawak na tanawin ng downtown Seattle. May matatarik na burol sa apat na ektaryang lugar, na natural na hinati ito sa mataas at mas mababang bahagi. Ang itaas na bahagi ng parke ang pokus ng pagkakataon sa pagdidisenyong ito, na pinapaligiran ng 12th Ave sa silangang bahagi at may bakod sa kanlurang bahagi sa tuktok ng dalisdis. Ang itaas na bahagi ng parke ay may natatakpang istruktura na pang-piknik, palikuran, hinagdang ampiteatro, maliit na palaruan, damuhan at mahalamang lugar, at may tansong ulo ni Dr. Jose Rizal, ang pambansang bayani ng Pilipinas, na hinulma ng namayapang kilalang iskultor na si Anastacio Caedo at *East and West*, isang mural na triptych mosaic na dinisenyo ng Pilipinong pintor na Val Laigo, kinomisyon ito ng Komunidad ng mga Pilipino Amerikano (Filipino American Community).

Kahit pag-aari ng Seattle Parks & Recreation ang lupain mula pa noong 1970, ang parke ay inayos, opisyal na inialay at ipinangalan kay Dr. Jose Rizal noong mga taong 1980. Ang lokal na komunidad ng mga Pilipino ay naglikom ng pondo para mapaunlad ang parke na nananatiling isang kultural na makabuluhang lugar kung saan nagtitipon ang mga Pilipino sa Seattle. Gagamitin ng *Elevate* ang potensyal ng parkeng ito na gumagalang sa kasaysayan at makabuluhang kultural na mga elemento at gamit ng lugar, bilang mahalagang aspeto ng komunidad at publiko ng Seattle sa pangkalahatan.




# Ang Konteksto ng Lugar

Sa Apendiks 2 ng dokumentong ito, makikita ninyo ang pananaliksik sa Dr. Jose Rizal Park na tinipon ng mga mag-aaral sa University of Washington noong taglagas ng 2021. Makakatulong ang mapagkukunan ng impormasyon na ito sa lahat ng kalahok ng pagkakataon sa pagdidisenyong ito na maunawaan ang kasaysayan, konteksto, at nasasakupan ng parkeng ito. Nagpapasalamat kami sa University of Washington at sa team ng mga mag-aaral na ito na nag-alay ng oras at lakas sa pananaliksik sa espesyal na pampublikong parkeng ito. Sa Apendiks 3, makikita ninyo ang mga larawan at plano ng lugar.

Mga Tuntunin para sa mga elemento ng parke:

- *Lubos na ninanais ang sapat na lugar para magsagawa ng iba't-ibang kaganapan at pagtitipon.*
- *Panatilihin ang kasalukuyang bilang ng paradahan.*
- *Panatilihin ang mural na triptych mosaic sa kasalukuyang kinalalagyan nito.*
- *Ang palaruan, tansong istatwa at mga plake ni Dr. Jose Rizal ay dapat manatili sa lugar pero maaaring baguhin ang ayos o magpalipat-lipat sa loob ng parke kung gugustuhin.*
- *Ang palikuran ay hindi dapat ilipat, pero maaaring ayusin ang panloob na disenyo nito at muling pagbutihin.*
- *Ang iba pang gamit at elemento ng parke ay maaaring panatilihin, at maaaring magmungkahi ng bagong gamit at elemento. Gayunpaman, nakadepende sa nakalaang pondo ang implementasyon ng mga napiling ideya.*



# Ang mga Kinakailangan sa Pagsumite

Pagkakataon ito para mas makilala ka namin at ang iyong mga ideya para sa parke. Ang mga isusuiteng gamit at dapat kumakatawan sa iyong pananaw sa disenyo ng parke. Hinihikayat ang mga kalahok na tugunan ang kultura at kasaysayan ng komunidad, ilarawan ang mga istratehiya para maabot ang pananaw, at ilarawan ang anumang mahusay na gawain o pamamaraan. Ang Tutugon ay maaaring isang indibidwal, o isang team ng dalawa o higit pang indibidwal. Kung ang Tutugon ay isang team na may dalawa o higit pang miyembro, dapat ipakilala ang lahat ng miyembro ng team, at may isang italaga bilang kontak at tatanggap ng kabayaran, kung sila ay mapili.

## Isumite ang mga sumusunod sa deadline:

**A) Panimula:** iyong katauhan at interes sa proyektong ito, gamit ang isang salaysay hindi hihigit sa 200 salita.

**B) Buod ng Proyekto:** paglalarawan sa layunin ng proyekto at pananaw sa disenyo, gamit ang isang salaysay hindi hihigit sa 500 salita.

**C) Pahayag ng Disenyo:** Isang (1) 11x17 na pahina para ilarawan kung paanong ang iyong pamamaraan ay magpapaunlad sa lugar na gumagalang sa kasaysayan ng komunidad at kung paano ito magsisilbi sa kanila. Ang mga halimbawa o posibleng paraan ay: (mga) guhit, balangkas, video, larawan, artwork, atbp. (Hindi kinakailangang ang lahat ng nabanggit na paraan, o limitado lamang sa mga ito ang maaaring gamitin). Hinihikayat namin ang pagkamalikhain sa inyong mga tugon.

**Mga paraan ng pagpapadala:**

**Mag-email** sa Elevate.RizalPark@Seattle.gov

- Banggitin ang ‘Elevate-Dr. Jose Rizal Park’ sa paksa.
- Hindi dapat humigit sa Sampong (10) Megabyte ang mga kalakip na mga dokumento.
- Pakitandaang ilagay ang impormasyon ng inyong kontak.

— O —

Personal na **idaan** sa Sentro ng Komunidad ng Jefferson (Jefferson Community Centre) na matatagpuan sa 3801 Beacon Ave. S, Seattle, WA 98108 sa kanilang tanggapan sa oras ng kanilang operasyon.

- Dapat nakasobre ang mga isusumite na may markang Elevate-Dr. Jose Rizal Park
- Pakitandaang ilagay ang impormasyon ng inyong kontak.

## Mga tuntuning dapat isaalang-alang:

- Hindi susuriin ng hurado ang isusumiteng dokumento na wala sa mga nabanggit.
- Hindi inaasahan ang magarbo at labis-labis na produksyon.
- Sa pakikilahok sa prosesong ito, tinatanggap ninyo na kayo ang nagmamay-ari sa mga isinumiteng materyal at kinikilalang maaaring ilathala ng SPR ang iyong isinumite sa website ng proyekto nang may tamang pagkilala.

# Ang Look-Ahead

ELEVATE

2022

**Ika-17 ng Oktubre**

Inilunsad ang Pagkakataon sa Pagdidisenyo

**Ika-28 ng Oktubre**

Deadline ng pagsusumite ng mga tanong

*I-email ang mga tanong sa Elevate.RizalPark@seattle.gov*

**Ika-4 ng Nobyembre**

Ipo-post ang mga sagot sa mga tanong website ng proyekto*

**Ika-5 ng Disyembre**

Deadline ng pagsusumite

2023

**Inaasahan Enero**

May tatlo hanggang limang kalahok ang pipiliin na makakatanggap ng kabayaran at magpapatuloy sa Bahagi 2

**http://seattle.gov/parks/elevate-rizalpark*



# Ang Pamantayan ng Pagsusuri

*Tandaan ang pamantayan ay walang anumang partikular na pagkakasunud-sunod ng kahalagahan.*

## 01

### Magbibigay ng pagkakataon para sa kalahok:

- Kung saan ang tradisyonal na RFP ay maaaring magpresenta ng mga problema

  at/o

- Makipagtulungan sa ahensiya ng lungsod at magbigay ng platform para maipagpatuloy nila ang pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng lungsod

## 02

### Pagkamalikhain sa konsepto at/o pamamaraan

## 03

### Nakalarawang pag-unawa sa:

- Konteksto ng lugar at tanawin
- Nakapaligid na komunidad, kapit-bahayan, at makasaysayang halaga
- Kultura at kasaysayan ng komunidad



# Apendiks 1

## Ang hurado ay kinabibilangan nga mga sumusunod na miyembro:

Pinagsama ni **Laura Haddad** ang kanyang karanasan sa sining, teatro, at tanawin para makagawa ng obra na spatial at iskultural, at interesado din siya sa magkahalong tanawin na magandang tingnan, may silbi, makakalikasan at patula. Sa pagpokus sa pagsasama ng sining na partikular sa imprastraktura ng lungsod, ang kanyang likha ay nagbibigay ng konseptong kahulugan mula sa hindi karaniwan, kagamitan, kasaysayan at konteksto ng lugar. Nagsilbi siya bilang miyembro ng Komisyon ng Disenyo ng Seattle (Seattle Design Commission) at Komite sa Advisory ng Pampublikong Sining ng Seattle (Seattle Public Art Advisory Committee) mula 2016-2020. Ang kanyang mga likha ay nakatanggap ng mga gantimpala mula sa Mga Amerikano para sa Sining (Americans for the Arts), Komisyon ng Disenyo ng Seattle, Komisyon ng Sining ng Seattle (Seattle Arts Commission), at Tanggapan ng Washington sa Samahan ng mga Arkitekto ng Landscape ng Amerika (Washington Chapter of the American Society of Landscape Architects, WASLA).  Nalathala ang mga disenyo at akda ni Laura Sculpture, Architectural Record, Landscape Architecture, Forum ng Lupa, Landscape Journal, at Arcade. Mayroong Master's degree si Laura sa landscape architecture mula as Unibersidad ng California, Berkeley, at Bachelor's degree sa kasaysayan mula sa Bowdoin College.

Lumipat si **Jecselle Major** sa Seattle matapos niyang matanggap ang kanyang mga degree sa sustainability (B.S) at arkitektura sa landscape (MLA). Nagsanay siya sa interdisciplinary design at planning firms sa iba't-ibang antas. Kasalukuyan siyang Board of Director sa Sawhorse Revolution at sa steering na komite para sa Trust para sa Pampublikong Lupa (Trust for Public Land) Konseho ng Susunod na Henerasyon (Next Gen Council) at nagsilbi sa Shape our Water Design Team ng Komite sa Pampublikong Advisory ng Sining ng Seattle. Si Jescelle ay madalas na nagbibigay-aral sa unibersidad at panauhing kritiko kung hindi niya nakikipagtulungan sa kanyang mga estudyante, boluntaryo, o kliyente. Noong 2020, bilang tugon sa renewed social justice uprising at ekonomikong pagbabago bilang tugon sa pandemya, nagtayo siya ng sarili niyang konsultasyon. Ang kanyang pagsasanay, pananaliksik at ay sumusuong sa mga karampatang isyu, pagkamakakalikasan, pampublikong istratehiya, at edukasyon. Iniisip niya kung paano magtutulungan lahat ng ito sa mundo ng publiko at mga ginawang kapaligiran.


Si **Aaron McCanna** ay ang Diversity, Equity, Access, Inclusion, at Decolonization Coordinator sa Burke Museum. Ipinanganak at pinalaki siya sa Kingston, Washington ng kanyang Yup'ik na ama at Meksikanang ina, interesado siya sa maraming bagay gaya ng sining, pilosopiya, decolonization at hustisya, at pagkain. Ang malawak niyang karanasan sa trabaho ay nagdala sa kanya sa pag-aaral ng zooarcheology at isotope analysis sa Unibersidad ng New Mexico, kung niya natanggap ang kanyang Master's of Arts. Ang kanyang tungkulin sa Burke Museum ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong isabuhay ang kanyang pangarap, sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga kawani ng programa, pagsasanay at patnubay kaunay sa decolonization at pagtulong sa pagbibigay ng bagong pananaw kung ano ang museo. Inuudyukan siya ng saya at inspirasyon sa pagtratrabaho na gawing mas mabuti ang mundo sa ibang paraan, at umaasa siyang mapapalaganap ang saya at solusyon na naibibigay decolonization sa mga tao at komunidad.


Si **Agnes Navarro** ay isang Doktor ng Medisina at kasalukuyang Executive Director ng Komunidad ng mga Pilipino sa Seattle (Filipino Community of Seattle). Dati siyang Board Member at Direktor ng Programa ng Kultura at Sining (Director of the Culture and Arts Program) para sa Filipino Community ng Seattle (2008-2018). Nagboboluntaryo si Agnes para sa Lipunang Pamana ng Kultural na Pilipino ng Washington (Filipino Cultural Heritage Society of Washington, FCHSW)/Pagdiriwang – Kaganapan sa Pagdiriwang sa Sentro ng Seattle (Seattle Center). Nagretiro siya matapos ang 31 taon na serbisyo sa UW Medical Center/Harborview Medical.

Si **Ruri Yampolsky** ay ang Waterfront Program Arts Manager para sa Seattle's Office of the Waterfront and Civic Projects, tinitiyak niyang ang nagsasama ang sining at kultura sa isa sa pinakamalaking pang-sibikong transpormasyon na isinasagawa sa Seattle. Siya rin ang namamahala sa waterfront's cultural interpretive wayfinding program. Malawak at mahaba ang karanasan niya sa pamamahala ng pampublikong programa at mga pangsining na proyekto ng Seattle, na nanilbihan para palawakin ang karanasan ng publiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang proyekto sa magkakaibang ekspresyon ng sining na siyang humulma sa urban space, naghikayat sa komunidad na makilahok, makipag-usap, at magdala ng mga bagong boses sa larangan. Bilang miyembro ng Konseho ng Samahan ng Pampublikong Sining (Public Art Network Council) Konseho ng Samahan ng Pampublikong Sining para sa mga Amerikano ng Sining ng anim na taon, nagpokus siya sa pagkakaiba, karampatanan at pagsasama sa pampublikong kasanayan sa sining, mga tuntunin, at mga hakbang; isa din siya sa mga nagtayo ng Palitan ng Pampublikong Sining (Public Art Exchange), isang impormal na samahan ng mga tagapamahala at nagsasanay ng pampublikong sining. Si Ruri ay isang arkitekto mula sa pagsasanay.

# Apendiks 2

## Pananaliksik ng University of Washington









Upang makita ang buong ulat, bisitahhin ang http://seattle.gov/parks/elevate-rizalpark

# Apendiks 3


## Mga larawan at plano ng lugar






## Tansong istatwa at mga plaka ni Dr. Jose Rizal










## Tansong istatwa at mga plaka ni Dr. Jose Rizal




a

## Tanawin ng Seattle & Puget Sound





b



## Triptych na mosaik mural










## Silungan ng parke













## Matarik na dalisdis na may mga daanan, mga puno










## Paradahan at palikurang gusali



c



d







e



f



ELEVATE